Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
**MUNICIPALITY OF BULALACAO**

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214 Oriental Mindoro

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG ENERO 12, 2009 SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL

**MGA DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Teresita S. Bantugan | - | Tagapamanihala ng Pulong |
| Kgg. Emelita A. Osorio | - | Sang. Bayan Member |
| Kgg. Eduardo C. Aceron | - | -do- |
| Kgg. Rosalinda M.Cabagay | - | -do- |
| Kgg. Gideon B. Abuel | - | -do- |
| Kgg. Guillermo G. Salas, Jr. | - | -do- |
| Kgg. Leonardo A. Andallon | - | -do- |
| Kgg. Ramon G. Magbanua | - | -do- |
| Kgg. Senen C. Familara | - | -do- |
| Kgg. Ronelle G. Feranil | - | SK Fed. President |
| Kgg. Virgelio M. Astillo | - | Pangulo, Liga ng mga Brgy. |

**HINDI NAKADALO:**

Wala

x ------------------------------------------------------------ x

## KAPASYAHAN BLG. 09-01-001

**PAGPAPAHAYAG NG TAUS-PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIPAGDALAMHATI SA NAULILA NG NAMAYAPANG ARACELI P. GONZALES, ISANG ULIRANG MAYBAHAY AT INA**

**SAPAGKAT,** si Gng. Araceli P. Gonzales ng Barangay Campaasan, Bulalacao, Silangang Mindoro ay sumakabilang-buhay noong nakaraang Lunes, ika-5 ng Enero, 2009 dahil sa karamdaman sa puso;

**SAPAGKAT,**; si "Tiya Seling" na siyang karaniwang itinatawag sa kanya ng kanyang mga kamag-anak at mga kaibigan ay naglingkod sa Barangay Campaasan bilang Kagawad ng ilang taon at Pangulo ng Organization of Senior Citizens Affairs (OSCA), Campaasan Chapter at aktibong nakilahok sa mga programang pambarangay at pambayan;

**SAPAGKAT,** sa panahon ng kanyang panunungkulan, siya ay naging matapat na lingkod, nagpunyagi at nagsikap na maisulong ang mga programang higit na kapakipakinabang sa kanyang mga mamamayan at mga proyektong nag-angat ng estado ng kanyang barangay, partikular na sa sektor ng mga katandaan;

**SAPAGKAT,** ang kanyang pagpanaw ay isang malaking kawalan sa mga mamamayang kanyang pinaglingkuran at tinulungan at ito'y isang masakit na dagok na nagbigay ng masidhing kalungkutan at pighati sa kanyang pamilya, kamag-anak at mga kaibigan; **kung kaya't dahil dito**

Scanned with CamScanner

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA, NA:** Magpahayag ng taus-pusong pakikiramay at pakikipagdalamhati sa naulila ng nasirang Araceli P. Gonzales, isang ulirang maybahay at ina;

**SA MUNGKAHI** ni Konsehal Gideon B. Abuel na pinangalawahan ni Konsehal Eduardo C. Aceron, ang kapasiyahang ito ay ....

**PINAGTIBAY:** Enero 12, 2009, Bulalacao, Silangang Mindoro.

---

**EMELITA A. OSORIO**
SB Member

**EDUARDO C. ACERON**
SB Member

**ROSALINDA M. CABAGAY**
SB Member

**GIDEON B. ABUEL**
SB Member

**GUILLERMO G. SALAS, JR.**
SB Member

**LEONARDO A. ANDALLON**
SB Member

**RAMON G. MAGBANUA**
SB Member

**SENEN C. FAMILARA**
SB Member

**VIRGELIO M. ASTILLO**
Pres., Liga ng mga Brgy.

**RONELLI G. FERANIL**
SK Fed. President

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**SIXTO G. BARRIENTOS**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**TERESITA S. BANTUGAN**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**ENGR. [illegible]NILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan 01 14 09

030114/PLP/jpc

Scanned with CamScanner